


Ang Taharah at Ang Salah

الطهارة والصلاة

تجالوج



مركز الدعوة بالروضية
للإسلام والتعاون في الدعوة بالروضية

هاتف: 2997777 فاكس: 29-1170

بسم الله الرحمن الرحيم

تشرف بإعداد هذا الكتاب

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد

وتوعية الجاليات بالزلفي

تحت إشراف: وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف
والدعوة والإرشاد

الزلفي ١١٩٣٢ - المنطقة الصناعية - ص.ب: ١٨٢
ت: ٠٦٤٢٢٥٦٥٧ - فاكس: ٤٢٢٤٢٣٤

يسمح بطبع هذا الكتاب ومطبوعاتنا الأخرى بشرط عدم
التصرف في أي شيء ما عدا الغلاف الخارجي وذلك
لمن أراد التوزيع المجاني. أما من أراد البيع فعليه
الاتصال بالمكتب

Ang aklat na ito ay lathalain ng F.G.O.
sa Zulfi 11932

P.O. Box: 182 - tel: 064225657 - Fax: 4224234

Ipinahihintulot ang paglimbag ng aklat na ito at
iba pang lathalain namin upang ipamahagi ng
libre sa kondisyon na walang ano mang
gagawing pagbabago maliban sa pabalat nito.
Ang sino man na magnais na ilimbag ito sa
layuning ipagbili ay mangyaring makipag-
ugnayan muna sa tanggapan.

بِسْمِ اللّٰهِ الرَّحْمٰنِ الرَّحِیْمِ

Ang Taharah at Ang Salah

Isinulat sa wikang Tagalog:

Muhammad A. Samson
at
Sulaiman Idris Alojado

252.1 Al-Maktab Al-Ta'awuni Lid-Da'wah wal-Irshad
M289 wa Taw'iyat Al-Jaliyat (Al-Zulfi)

1993 Ang Taharah at Ang Salah

Al-Maktab Al-Ta'awuni...Al-Zulfi:

Al-Maktab, 1414H/1993.

12cm.

ISBN 9960 - 9024 - 0- 4

1. Cleanliness 2. Prayer 3. الطهارة (فقه إسلامي).

I. Title

الرقم	الموضوع	الصفحة
.١	الطهارة	٤
.٢	النجاسة	٥
.٣	الوضوء	٧
.٤	كيفية الوضوء	٩
.٥	الغسل	١٤
.٦	التيمم	١٦
.٧	الحيض والنفاس والاستحاضة	١٧
.٨	سنن الفطرة	١٩
.٩	العبادات	٢١
.١٠	الشهادتان	٢٢
.١١	لماذا نصلي	٢٢
.١٢	الصلاة	٢٣
.١٣	اللباس في الصلاة	٢٤
.١٤	صلاة الفجر	٢٥
.١٥	صلاة المغرب	٣١
.١٦	صلاة الظهر والعصر والعشاء	٣٢
.١٧	الذكر بعد الصلاة	٣٥
.١٨	المسبوق في الصلاة	٣٧
.١٩	أنواع الصلاة	٣٨
.٢٠	صلاة الجمعة	٣٩
.٢١	سجود السهو	٤٠
.٢٢	صلاة المسافر	٤١
.٢٣	جمع الصلاة وقصرها	٤٢
.٢٤	كيف يتطهر المريض	٤٣
.٢٥	كيف يصلي المريض	٤٤
.٢٦	صلاة الجنائز	٤٦

1	Ang Kadalisayan	4
2	NAJASAH (Karumihan)	5
3	WUDU (Paghuhugas)	8
4	Papaano magsagawa ng Wudu	9
5	GHUSL (Paligo)	14
6	TAYAMMUM (Panghalili sa tubig)	16
7	AL-HAYD, AN-NIFAS AT AL-ISTIHADAH	17
8	Kadalisayan at iba pang mga bagay (SUNANUL FITRAH)	19
9	IBADAT	21
10	Ang Shahadatayn	22
11	Bakit Kailangan Nating Magsalah Kay ALLAH	22
12	Ang Salah	23
13	Ang Kasuotan sa Pagsa Salah	24
14	Ang Salatul Fajr	25
15	Ang Salatul Maghrib	31
16	Ang mga Natitirang Salah	32
17	Mga Panalangin Pagkatapos ng Limang Salah	35
18	Ang Paghahabol ng Salah kapag dumating ng Huli	37
19	Mga Uri ng Salah	38
20	Ang Salatul Jum'ah	39
21	Ang Sujodus Sahw	40
22	Ang Salah ng Musafir	41
23	Ang Pagsasama ng Salah	42
24	Papaanong Magta Taharah	43
25	Papaanong Magsa Salah ang Maysakit	44
26	Ang Salatul - Janazah	46

ANG KADALISAYAN

Ang kahulugan ng salitang Arabik na **Taharah** ay **kadalisayan, kalinisan, at pananatiling dalisay.**⁽¹⁾ Ang paggamit nito ay hindi lamang limitado sa pisikal na kadalisayan. Kailangang sikapin ng isang Muslim na palaging maging malinis sa puso, isipan, katawan, at buhay.

"Ang kadalisayan ng buong diwa ay isang biyaya mula kay Allah."

Sa Banal na **Qur'an**, ang pagsisisi ay binanggit na kasama ng kadalisayan.

"Katotohanan, mahal ni Allah ang sino man na palagiang bumabaling sa Kanya (ng pagsisisi) at mahal Niya rin ang mga nananatiling dalisay at malinis sa kanilang sarili." (Al-Qur'an 2:222)

Sa Islam ay walang pagkakasalungatan sa magkakaibang uri ng kadalisayan. Halimbawa ay kadalisayang pang-ispirituwal, pangkaasalan, pangkaisipan, panlipunan o pangkatawan.

Ang pangkatawan na kadalisayan sa pamamagitan ng paghuhugas (**Wudu**) ay isa sa mga pangunahing kailangan bago magsagawa ng pagdarasal (**Salah**). Ang ibig sabihin, ang isang Muslim ay naghuhugas ng mga kamay, bibig, ilong, mukha, braso, tainga, at paa, halos limang beses araw-araw.

Karagdagan pa rito, ang paligo (**Ghusl**) alinsunod sa iba pang mga kadahilanan ay isa rin sa pangunahing kailangan upang may bisa ang ating pagdarasal (**Salah**).⁽²⁾

1. Walang katugmang kahulugan ng salitang **Taharah** sa ano mang wika.

2. Tingnan sa Kabanata ng **Ghusl**. Mayroong mga pagkakataon na ang paligo ay maaaring hindi na kailangan ngunit lubhang itinatagubilin. Maliban pa rito, ipinag-uutos ng Propeta (spk) sa mga Muslim na linisin ang kanilang mga ngipin at suklayin ang kanilang buhok. Ang sabi ng Propeta (spk): "Kung hindi lamang magiging mahirap para sa aking mga tagasunod, aking ipag-uutos sana sa kanila ang paggamit ng **Miswak** (isang uri ng sipilyong yari sa sanga ng kakaibang kahoy) sa bawat oras ng kanilang pagdarasal. Ang paggamit ng **Miswak** ay isang paraan ng paglilinis ng bibig na ikinalulugod ng Panginoon. Ang sino mang may buhok ay kanya itong parangalan (linisin at suklayin ito)."

Bukod pa sa kalinisan ng katawan, ang **Qura'n** at **Hadeeth** o sawikain ni Propeta Muhammad (**spk-** sumakanya ang pagpapala at kapayapaan) ay nagbanggit hinggil sa kalinisan at kadalisan sa pagkain, sisidlan, daluyan ng tubig, mga kalsada, damit, at bahay.

Ang katotohanan ay halos lahat ng mga tomo ng **Hadeeth** at **Fiqh** (Batas ng Islam) ay nagsisimula sa pagtalakay sa mga paksa ng kadalisan (**Taharah**) at kalinisan.

Sa batas ng Islam, ang pangkatawan na kalinisan (**Taharah**) ay nauugnay sa dalawang pangunahing bahagi:

a) Kalayaan ng katawan sa ano mang uri ng karumihan, gayundin sa mga damit, lugar, at iba pa,

b. At ang pagsagawa ng **Wudu** (paghuhugas) o **Ghusl** (paligo) ay ang dalawang kinakailangan bago magsagawa ng pagdarasal (**Salah**) at iba pang mga gawaing pangdebosyon at pagsamba.

NAJASAH (KARUMIHAN)

Inaatasan ang mga Muslim na maging malinis at dalisay sa kanilang mga sarili sa lahat ng uri ng karumihan, hindi lamang sa layunin na magsasagawa ng pagdarasal (**Salah**), hangga't maaari ay sa lahat nang panahon. Ang kahulugan ng salitang Arabik na **Najasah** ay karumihan at kasalulaan. Ang pagdarasal (**Salah**) ay hindi tanggap kapag ang isang tao ay nasa maruming kalagayan.

1. Mga Uri ng Najasah (Pangkalahatang Karumihan)

a) Ang lahat ng uri ng dugo ay **Najis** (marumi), kasama na rito ang dugo ng buwanang dalaw at pagdurugo ng bagong panganak. Gayunman, hindi kasama rito ang dugo ng mga maliliit na insekto gaya ng langaw, surot, at iba pa. Gayundin, hindi rin kabilang ang mga maliliit na patak ng dugo ng tao at

hayop. Sa madaling salita, kung natalsikan lamang ng dugo ng insekto o hayop ang katawan o damit, siya'y pinapayagan pa ring magsagawa ng pagdarasal (**Salah**).

b) Ang dumi ng tao, ihi, nana, at suka.

k) Ang dumi at ihi ng hayop na ang laman ay hindi pinahihintulatang kainin (hal.: pusa at aso).(1)

d) Ang **Madhy** o likidong malinaw na kadalasan ay lumalabas sanhi ng pagnanasang sekswal. (2)

e) Ang **Wady** ay isa pang uri ng likido (iba ito kaysa **Maniy** o semeno), malapot at kulay puti. Ito ay maaaring lumabas matapos umihi o sa iba pang mga kadahilanan gaya ng karamdaman.

2.) Mga Paraan ng Pag-aalis ng Najasah (Karumihan)

a) *Mula Sa katawan at mga damit:* Hugasan ng tubig hanggang walang makitang marumi. Gayunman, kung sakaling mahirap alisin ang lahat ng dumi at may bahagyang marka na maiiwan sa damit matapos labahan, ito ay puwede na. Ang halimbawa sa ganoong mga marka na mananatili ay ang mantsa ng mga nilabahang may dugo. (Kung hindi alam ng isang tao na may marumi sa kanyang katawan o damit o nalimutan ito at maaaring hindi niya naalis bago siya nagdasal (**Salah**) ang kanyang pagdarasal ay may bisa at hindi na kailangan na ulitin pa ito. Kung hindi niya malaman ang dahilan ng pagkabasa ng kanyang damit lalo na sa gabi, hindi siya dapat mabahala o sumangguni pa tungkol dito.)

1. Ang dumi at ihi ng hayop na ang laman ay pinahihintulatang kainin ay hindi **Najas** (ang ibig sabihin ay hindi magpapawalang bisa ng **Salah**), kung nabahiran lamang ang damit. Gayon pa man, kanais-nais pa rin na ito'y linisin batay sa ipinakitang pagbibigay-diin ng Propeta (spk) sa kalinisan.

2. Ito ay kapwa nauukol sa babae at lalaki. Maaaring hindi maramdaman ng isang tao ang paglabas ng **Madhy**. Ang **Madhy** ay kinakailangang linisin sa pamamagitan ng paghuhugas sa maselang bahagi ng katawan at naapektuhang bahagi ng damit. Gayun pa man, ang **Maniy** (**semeno**) ay hindi maituturing na **Najas**. Ito ay maaaring linisin sa pamamagitan ng paghuhugas kung basa, at pagkukuskus kung ito'y tuyo.

b) **Mula sa Lupa:** Linisin sa pamamagitan ng pagbuhos ng tubig o pabayaang matuyo maliban kung mayroong nakikitang marumi na kailangang alisin.

k) **Mula sa Sapatos:** Linisin sa pamamagitan ng pagkuskos ng mga sakong ng sapatos sa lupa o sa pamamagitan ng pagkuskos ng mga sakong sa isa't isa hanggang sa walang makitang marumi.

3) Magandang Kaasalan sa Silid-Palikuran

Kahit na sa pang-araw-araw na pisikal na mga pangangailangan katulad ng paggamit ng silid-palikuran, ang Propeta (spk) ay nagbigay ng mga katuruan. Habang ang karamihan sa mga ito ay masyadong detalyado, sila ay naglalarawan lamang sa kaugalian ng Islam sa suliranin ng kalinisan, kagandahang-asal, at pagmamalasakit sa kalusugan ng madla. Ang mga sumusunod ay isang kabuuan ng mga kautusan habang ginagamit ang silid-palikuran.

a) Ang ano mang bagay na nagtatangan ng pangalan ni "**Allah**" ay kailangang huwag dalhin sa silid-palikuran maliban na lamang kung may pangambang ito ay mawawala kung ito'y iiwan sa labas.

b) Panatilihin ang pagiging pribado at malayo sa paningin.

k) Ang **Du'a** na "**Bismillah Allahumma Inni A'oodhu Bika Minal Khubuthi Wal Khaba'ith**" ay kailangang bigkasin bago pumasok sa silid-palikuran. Ang ibig sabihin ng panalangin (**Du'a**) ay "**Sa ngalan ni Allah, "O Allah, Ako'y nagpapakupkop sa Iyong pagkalinga mula sa masamang espiritu, maging lalake man o babae."**

d) Kailangang panatilihin ang pagiging tahimik sa loob ng silid-palikuran. Maaaring magsalita kung kailangan na magbigay ng babala sa iba kung may panganib, at iba pa.

e) Ang mga lugar na karaniwang ginagamit kagaya ng mga kalsada, tagpuang lugar o mga lugar na may lilim na kadalasa'y ginagamit ng madla ay hindi dapat dumihan o ihian.

g) Mas mainam na huwag umihing nakatayo lalo na kung ang marumi ay tatalisik sa damit.

h) Kailangang gamitin ang kaliwang kamay sa paglilinis sa sarili at ang kanang kamay naman ay para sa pagkain, pag-inom, pakikipagkamay, at iba pa.

i) Ang katagang "*Ghufranak*" ay kailangang bigkasin tuwing lalabas sa silid-palikuran at unang ihakbang palabas ang kanang paa. Ang ibig sabihin ng *Du'a* ay "*Hinihingi ko ang Iyong kapatawaran, (o Allah).*"

k) Kailangang maghugas ng kamay matapos gumamit ng silid-palikuran. Kung walang magamit na sabon, maaaring linisin ang mga kamay sa pamamagitan ng pagkuskos ng mga ito sa lupa o sa buhangin o sa napkin.

WUDU (PAGHUHUGAS)

Ang pag-aalis ng **Najasah** (karumihan) ay isa lamang sa mga kondisyong kinakailangan bago magsagawa ng pagdarasal (**Salah**) ngunit ang pag-aalis nito ay hindi magiging sapat sa kanyang sarili bilang isang paghahanda sa **Salah**. Sa madaling salita, ang **Wudu** (paghuhugas) ay kinakailangan bago magsagawa ng **Salah** dahil kung wala ito, walang bisa ang pagdarasal (**Salah**) kay Allah.

Ang **Wudu** (tatalakayin mamaya) ay magiging sapat lamang kapag ang mga gawain o kondisyon na kinakailangan ang paligo (**Ghusl**) ay hindi naganap. Ito'y nauukol sa kapwa baba'e't lalaki.

Mayroong maraming **Hadeeth** na nagpapaliwanag sa kahalagahan at mga biyaya ng paghuhugas (**Wudu**). Ang mga sumusunod na **Hadeeth** ay maaaring banggitin.

Si Uthman ay nag-ulat na ang Sugo (spk) ni Allah ay nagsabing: "**Kung sino man sa inyo ang magsasagawa ng kumpletong paghuhugas (Wudu), ang kanyang mga kasalanan ay lalabas sa kanyang katawan, kahit pa mula sa kanyang mga kuko.**" (Bukhari at Muslim)

Si Abu Hurayrah ay nag-ulat na ang Sugo (spk) ni Allah ay nagsabing: "**Ang aking mga tagasunod ay tatawagin sa Oras ng Paghuhukom na may nagniningning na mga mukha, kamay, at paa mula sa marka ng kanilang mga paghuhugas (wudu).**" (Bukhari at Muslim)

Papaano Magsagawa ng Wudu (Paghuhugas)

Paalaala: Sa tuwing ihi ay kailangang hugasan ang maselang bahagi ng katawan at gayundin kapag dudumi. Palaging tiyakin na ang mga kasuutan ay walang bahid ni patak man ng ihi o dumi. At palaging umupo kapag ihi.

Kapag magsasagawa ng **Wudu**, kailangang hugasan ang mga bahagi ng katawan ng katamtamang dami ng tubig. Ang pagsagawa ng intensyon bago isagawa ang paghuhugas (**Wudu**) ay kailangan. Ang intensyon ay hindi na kailangang bigkasin pa; kailangang isaisip lamang.

a.) Bigkasin ang **BISMILLAH**. Ang kahulugan ay "**Sa ngalan ni Allah.**"


b.) Hugasan ang dalawang kamay ng malinis na tubig. Magmumog (3x), linisin ang ilong sa pamamagitan ng pagpapasok ng tubig sa loob nito at pagsinga (3x). **Tingnan ang larawan bilang 2, 3, at 4.**

k.) Hugasan ang buong mukha (3x). **Tingnan ang larawan bilang 5.**

d.) Hugasan ang mga kamay at braso hanggang sa siko (3x). Mag-umpisa sa kanan. **Tingnan ang larawan bilang 6.**

e.) Ihaplos ang basang kamay sa ulo mula sa noo hanggang sa batok at ibalik mula sa batok hanggang sa noo at haplusin ng hintuturo ang loob ng tainga habang pinadadaan nang minsan ng hinlalaki ang likod ng tainga. **Tingnan ang larawan bilang 7, at 8.**

g.) Hugasan ang dalawang paa hanggang sa bukong-bukong (3x). Unahin ang kanang paa. **Tingnan ang larawan bilang 9.**



h.) Pagkatapos gawin ang mga nabanggit sa itaas, iminumungkahing bigkasin ang **Shahadatayn**: "**ASHHADU ALLAA ILAHA ILLAL LAAH WAHDAHU LA SHAREEKA LAH WA ASHHADU ANNA MUHAMMADAR RASOOLUL LAAH.** "

"Ako'y sumasaksi na walang ibang diyos maliban kay Allah, at ako'y sumasaksi rin na si Muhammad ay sugo ni Allah."

***Paalala:** Kinakailangang maabot ng tubig ang lahat ng bahagi ng katawan na kailangang hugasan sa wudu. Ang halimbawa nito ay ang mga bagay na tila "wax" kagaya ng "cutex" sa kuko. Ang ibig sabihin, kinakailangan na alisin ang "cutex" bago magsagawa ng paghuhugas (wudu). Ito ay maaaring ilagay muli pagkatapos ng paghuhugas at hindi na kailangang alisin hanggang hindi kailangan ang panibagong paghuhugas (wudu). Ang isang kataliwasan (exception) sa ganitong kautusan ay ang bendahe na kapag inalis ay magiging sanhi ng hapdi o sakit o karamdaman o pagkaalintana ng paggaling. Sa ganitong situwasyon, ang pag-aalis ng molde o bendahe ay hindi na kailangan. Sa halip, maaaring ang ipanghalili ay ang pagpupunas nang bahagya ng basang kamay sa ibabaw ng bendahe. Ang isa pang kataliwasan (exception) ay ang pribilehiyo ng pagpupunas sa medyas, na ating tatalakayin mamaya Insha' Allah.*

3. Ang Magpapawalang-bisa sa Paghuhugas (Wudu)

Kung ang paghuhugas (**Wudu**) ay isinasagawa ng maayos, ito'y mananatiling may bisa. Mawawala ang bisa ng **Wudu** kapag naganap ang mga sumusunod:

- a) Ang pagdumi, pag-ihì, o pag-utot.
- b) Ang paglabas ng **Madhy** dahilán sa pagnanasang sekswal; at **Wady** dahilán sa karamdaman; o **Maniy** (semeno). Sa bahagi naman ng paglabas ng semeno, hindi lamang mawawalan ng bisa ang paghuhugas (**Wudu**), kinakailangang magsagawa pa muna ng paligo (**Ghusl**) bago magsagawa ng pagdarasal (**Salah**).

k) Ang pagkatulog nang mahimbing na sapat na upang mawalan ng kamalayan ang isang tao sa kanyang kapaligiran. Sa kabilang dako, kung nakatulog naman nang nakaupo at hindi mahimbing, ang bisa ng **Wudu** ay hindi mawawala.

- e) Ang paghawak sa maselang bahagi ng katawan na walang nakapagitan o walang damit.
- g) Ang pagkawala ng malay-tao sa ano pa mang dahilan.
- h) Ang pagkain ng karne ng kamelyo.

4. Mga Bagay na hindi Magpapawalang-bisa sa Wudu

- a) Ang paghawak ng isang tao sa ibang kasarian, halimbawa'y ang paghawak o paghalik sa kamay ng kanyang asawa.
- b) Ang pag-agos ng dugo (hindi marami) sa oras ng pagdarasal dahil sa isang aksidente.
- k) Kung hindi matiyak na ang nakaraang **Wudu** ay nawalan na ng bisa at nagdududa lamang, hindi na kailangan na muling magsagawa ng **Wudu**.

5. Ang Patuloy na Nagpapawalang-bisa sa Wudu

Dahilan sa karamdaman ng isang tao, maaaring hindi niya makayanang pigilin ang pag-ihing o pag-utot. Kahit sa oras ng pagdarasal ay maaaring hindi niya mapigilan ang paglabas ng mga iyon. Ang pangkalahatang kautusan sa ganitong situwasyon ay kinakailangang linisin niya ang kanyang sarili at magsagawa kaagad ng paghuhugas (**Wudu**) bago magsagawa ng mga pagdarasal. Ang hindi mapigilang paglabas matapos isagawa ang **Wudu** ay mapapatawad kung ang dahilan ay ang kanyang karamdaman. Kailangan din na magsagawa ng **Wudu** sa bawat obligadong **Salah**.

6. Ang Pagpupunas sa Ibabaw ng Medyas

Alinsunod sa ilang mga kondisyon, sa halip na hugasan pa ang mga paa bilang isang bahagi sa paghuhugas (**Wudu**), pupunasan na lamang ang ibabaw ng mga medyas ng basang kamay.

a) **Kailan Ito Pinahihintulutan**

Pinahihintulutan ang pagpupunas ng medyas kapag:

i) Ang mga medyas ay isinuot matapos ang isang kumpletong paghuhugas (**Wudu**) at bago nawalan ng bisa ang paghuhugas na yaon.

ii) Ang isang manlalakbay ay maaari niyang gamitin sa loob ng tatlong sunod-sunod na araw at gabi ang pabor ng pagpupunas sa medyas sa halip na hugasan pa. Ang isang taong hindi manlalakbay ay pinahihintulutan lamang sa loob ng isang araw at isang gabi. Sa tunay na pagpupunas, kailangang ihaplos ang mga basang kamay sa ibabaw ng mga medyas. Unahin ang kanan. Ang talampakan ng mga medyas ay hindi na kailangang punasan pa.

b) **Kailan Hihinto ang Bisa ng Pagpupunas**

Ang bisa ng pagpupunas ay hihinto kapag:

i) Ang pinahihintulutang panahon ng pagpupunas ay lumampas na, gaya ng sinasabi sa itaas.

ii) Ang medyas ay hinubad na.

iii) Ang mga kondisyon na magiging sapilitan ang paligo (**Ghusl**) ay nangyari. Ang mga kondisyong ito ay tatalakayin sa ilalim ng pamagat na "**Ghusl**."

7. Mga Gawain na ang Panghuhugas ay Sapilitan

a) Ang pagsagawa ng pagdarasal (**Salah**) sapilitan man o hindi sapilitan (**Sunnah**).

b) Ang pag-ikot (**Tawaf**) sa **Kaba'h** sa **Makkah**.

k) Ang paghawak o pagbasa ng **Qura'n**. Ngunit hindi ang pagbibigkas nito buhat sa isipan.

GHUSL (PALIGO)

May mga pagkakataon na ang paghuhugas (**Wudu**) lamang ay hindi sapat bago magsagawa ng **Salah** o humawak ng **Qur'an** o umikot sa paligid ng **Kaba'h**. Sa pagkakataong ito, ang isang kumpletong paligo (**Ghusl**) ay sapilitan.

1. Kailan Sapilitan ang Ghusl

Sapilitan ang paligo (**Ghusl**) kapag:

- a) Matapos makipagtalik kahit hindi lumabas ang semeno.
- b) Kapag lumabas ang semeno dahil sa pagnanasa o kagalakang sekswal.
- k) Matapos managinip na may lumabas na likido sa maselang bahagi ng katawan (*wet dream*).
- d) Sa oras nang paghinto ng buwanang dalaw (regla) o pagdurugo ng bagong panganak.

Ang unang tatlong nabanggit na kalagayan na sapilitan ang paligo (**Ghusl**) ay tinatawag na **Janabah** at ang babae o lalake na nasa ganitong katayuan ay tinatawag na **Junub** o taong nasa katayuan ng **Janabah**. Hindi lamang siya maibibilang sa ganitong katayuan kapag siya ay tapos nang maligo (**Ghusl**).

2. Mga Gawaing Ipinagbabawal sa isang Junub

Ang isang taong **Junub**, hanggang hindi nakapagsagawa ng **Ghusl**, ay hindi pinahihintulutan na:

- a) Magsagawa ng pagdarasal (**Salah**)
- b) Umikot sa **Ka'bah** sa **Makkah**
- k) Magbasa ng **Qur'an**, kahit ang pagbigkas lang nito buhat sa memorya
- d) Manatili sa Mosque (**Masjid**)
- e) Humawak o Magdala ng (**Qur'an**)

Gayon pa man, maaaring hawakan o dalhin ang ibang mga aklat na naglalaman ng mga talata ng **Qur'an**. Samakatuwid,

hindi kabilang sa ganitong pagbabawal ang mga aklat ng komentaryo ng **Qur'an** o mga aklat sa Batas ng Islam o ano pa mang aklat na may sipi buhat sa **Quran**.

3. Kailan Kanais-nais ang Ghusl

Ang **Ghusl** ay hindi lamang sapilitan sa ibang mga pagkakataon, ito ay lubhang kanais-nais din na gawin sa mga sumusunod:

- a) Kapag dadalo sa **Salatul-Jum'ah** (Pangmadlang Pagdarasal) tuwing Biyernes
- b) Matapos maghugas ng patay
- k) Bago magsuot ng **Ihram** upang magsagawa ng **Umrah** o **Hajj**.

4. Mga Kinakailangan sa Pagsagawa ng Ghusl

May dalawang kinakailangan lamang sa pagsagawa nito. Una, kailangang may hangarin bago isagawa ito, at hindi na kailangan na bigkasin pa ang hangarin. Pangalawa, kailangang padaluyan ng tubig ang lahat ng bahagi ng katawan, magmumog, linisin ang ilong sa pamamagitan ng pagpapasok ng tubig sa loob nito at pagsinga. Sa isang babae na magsasagawa ng paligo (**Ghusl**), hindi na kailangang alisin pa ang pagkatarintas ng kanyang mga buhok.

5. Mga Bagay na Kanais-nais sa Paligo (Ghusl)

Sa paligo (**Ghusl**), kailangang sundin ang mga sumusunod na pamamaraan ng paglilinis sa mga bahagi ng katawan na ginawa noon ng Propeta (spk):

- a) Hugasan ang dalawang kamay.
- b) Hugasan ang maselang bahagi ng katawan.
- k) Magsagawa ng **Wudu**.
- d) Buhusan nang tatlong beses ang ulo at kuskusin ang buhok at hayaang dumaloy ang tubig upang maabot ang mga puno ng buhok.
- e) Buhusan ng tubig ang kanang bahagi ng katawan at saka isunod ang kaliwa.

6. Iba Pang mga Tagubilin sa Pagsagawa ng Ghushl

a) Hindi na kailangang magsagawa ng **Wudu** matapos maligo kahit na ang **Wudu** ay hindi isinagawa mula sa simula.

b) Maliban sa kanyang kabiyak, kailangan ay huwag maghubad o maligo ang isang Muslim sa harap ng iba.

TAYAMMUM (Panghalili sa Tubig)

Ginagamit ang **Tayammum** kapag walang makitang tubig na magagamit para sa pagsasagawa ng **Wudu** o **Ghushl** (paligo). Ginagamit din ito kung ang paggamit ng tubig ay makasasama sa isang tao o kakaunti ang tubig at sapat lamang para inumin, o sa ano pa mang mga makatuwirang dahilan.

Papaano Isinasagawa ang Tayammum

1. Gawin ang intensiyon o hangarin (**Neeyah**) sa puso na ikaw ay magta **tayammum**.

2. Bigkasin ang "**BISMIL LAH**"

3. Itapik nang isang beses ang dalawang palad sa tuyo at malinis na lupa o kahit anong bagay na may alikabok gaya ng pader, dingding, bato, buhangin, at iba pa.

4. Ihaplos nang isang beses lamang ang mga palad sa buong mukha at pagkatapos ay ihaplos ang kaliwang palad sa kanang kamay at ihaplos naman ang kanang palad sa kaliwang kamay nang tig-iisang beses lamang.

AL-HAYD, AN-NIFAS, AT AL-ISTIHADAH

1. Al-Hayd (Buwanang dalaw o Regla)

Ang buwanang dalaw o regla ay maaaring magkakaiba sa mga kulay. Ito ay maaaring kulay **pula, matingkad na pula, dilaw** o maaari ring **walang kulay**. Kung mayroong kulay dilaw o walang kulay na likidong umaagos sa ano mang oras maliban pa sa regular na buwanang dalaw, ito'y hindi maituturing na **Hayd**. Walang pinakamaikli o pinakamahaba na panahon ng **Hayd**. Ang bawat babae ay magkakaiba. Ang natatanging pangyayari ng **Al-Istihadah** ay matutungyahan kaagad pagkatapos ng mga sumusunod na kataga.

2. An-Nifas (Pagdurugo ng Bagong Panganak)

Walang pinakamaikling panahon ng **Nifas**. Gayon pa man, may mga pangyayaring ang pagdurugo matapos ng panganganak ay tumitigil kaagad kaya ang babae ay wala na sa katayuan ng **Nifas**. Maaari na siyang maligo at magpatuloy sa kanyang pagdarasal o pag-aayuno, kung ito ay buwan ng **Ramadan**. Ayon sa karamihan ng mga Hukom, ang pinakamatagal na panahon ng **Nifas** ay apatnapung araw. Samakatuwid, kahit na ang pagdurugo dahil sa panganganak ay patuloy pa rin pagkatapos ng apatnapung araw, ang babae ay hindi na maituturing na nasa katayuan ng **Nifas**.

3. Al-Istihadah (Ang Pagdurugo Maliban pa sa Al-Hayd at An-Nifas)

May mga babae na bagaman hindi panahon ng kanilang buwanang dalaw ay dinudugo pa rin. Sa ganitong uri ng pagdurugo, kailangang huwag ihinto ng isang babae ang kanyang pagdarasal (**Salah**) o pag-aayuno (**Siyam**). Maaari niyang maitakda ang panahon ng kanyang **Hayd** o **Nifas** sa pagbatay sa tatlong paraan ng pagtatakda na ilalahad sa ibaba.

a) Kung alam ng isang babae ang pangkaraniwan o regular na bilang ng araw ng kanyang buwanang dalaw (regla), kailangang gawin niya ito na pamantayan ng kanyang pagreregla. Matapos ang bilang ng mga araw na yaon, siya ay kailangan nang maligo at magdasal. At kung ito'y buwan ng **Ramadan**, kailangang ipagpatuloy niya ang kanyang pag-aayuno.

b) Kung hindi niya alam ang bilang ng araw ng kanyang buwanang dalaw (regla) subalit kanyang nakikilala ang buwanang pagdurugo sa ibang pagdurugo, kailangang ibilang niya ang karagdagang pagdurugo na hindi buwanang dalaw. Kaya matapos niyang makilala na ang uri ng pagdurugo ay regla (kadalasa'y itim ang kulay), pagkatapos tumigil nito, kailangang maligo na siya at ipagpatuloy ang pagdarasal. Sa ganitong pagkakataon, ang paligo sa bawat pagdarasal (**Salah**) ay hindi na kailangan; ang paghuhugas (**Wudu**) ay sapat na.

k) Kung ang isang babae ay hindi kabilang sa alin man sa dalawang kategorya sa itaas, kailangang gawin niya ang regular na paligo sa pamamagitan ng paghahambing ng kanyang buwanang dalaw sa buwanang dalaw ng kanyang malapit na mga kamag-anak gaya ng kanyang ina o kapatid. At maaari rin niyang maibilang ang unang anim o pitong araw nang pagreregla bilang kanyang regular na buwanang dalaw at pagkatapos nito ay saka siya maligo at ipagpatuloy ang pagdarasal (**Salah**) at ang pag-aayuno (**Siyam**) kung ito'y buwan ng **Ramadan**.

4. Mga Ipinagbabawal sa Panahon ng Hayd at Nifas

Ipinagbabawal sa panahon ng buwanang dalaw (regla) o pagdurugo ng bagong panganak ang mga sumusunod:

a) Ang magsagawa ng pagdarasal (**Salah**). (Hindi na rin kailangang bayaran pa sa ibang mga araw.)

b) Ang mag-ayuno. (Subalit sa pagkakataong ito ay kailangang kanyang bayaran ang araw o mga araw na hindi niya napag-ayunuhan.)

k) Ang pag-ikot sa **Kaba'h**.

d) Ang pagbasa o paghawak ng **Qur'an**.

e) Ang pakikipagtalik (Ang ibang mga gawain na hindi humahantong sa pagpasok ng maselang bahagi ng lalaki doon sa maselang bahagi ng babae ay pinahihintulutan, kahit pa iyon ay maging daan sa paglabas ng semeno. Kung tumigil na ang pagrereгла o pagdurugo ng bagong panganak, ang babae ay kailangang maligo muna bago makipagtalik sa kanyang asawa.)

KADALISAYAN AT IBA PANG MGA BAGAY Sunanul-Fitrah

Bilang karagdagan sa iba't-ibang aspekto ng **Taharah** (kadalisayan) na nabanggit sa naunang mga pahina, mayroon pang ibang mga bagay na maituturing na gawaing kanais-nais. Ito ay ang mga sumusunod:

a) Ang pagtutuli. Ang karamihan sa mga Hukom ay naniniwala na ito ay sapilitan sa mga lalaking Muslim.

b) Ang pag-aalis ng balahibo sa maselang bahagi ng katawan (**pubic hair**). (babae at lalake)

k) Ang pag-aalis ng balahibo sa kilikili. (babae at lalake)

d) Ang pagpuputol sa mahabang kuko. (babae at lalake)

e) Ang pagpuputol sa mahabang bigote, ngunit hindi naman kailangang ahitin pa.

g) Ang pagpapahaba ng balbas.

h) Ang pag-aayos ng buhok. Hindi dapat na ahitin ang isang bahagi lamang at itira ang ibang bahagi.

i) Iwasan ang pag-aalis ng puting buhok sa ulo o sa balbas.

l) Iwasan ang pagkukulay ng itim sa puting buhok.

m) Gumamit ng mga mababangong bagay gaya ng pabango, lalo na ang langis ng *musk*.(1)

1. Ang babae na lalabas sa kanyang pamamahay o pupunta sa isang lugar na may maraming mga lalaki ay hindi pinahihintulutan na maglalagay ng pabango o ano mang katumbas nito, maliban na lamang sa harap ng kanyang asawa, ama, lolo, anak, kapatid, biyanang lalaki, pamangkin, at tiyuhin.

IBADAT

(Mga Gawaing Panrelihiyon ng Islam)

1. Ang mga gawain sa Islam ay nahahati sa dalawang pangunahing uri; ang Ibadat at ang Mu'amalat.

a) Ang **Ibadat** ay ang mga rituwal at tungkulin na may kinalaman sa pagsamba na katulad ng **Salah, Zakah, Sawm, at Hajj**.

b) Ang **Mu'amalat** (Pakikitungo) ay sumasaklaw naman sa mga gawain sa buhay na may kaugnayan sa isang tao o pamilya o lipunan o Sambayanang Muslim sa pangkalahatan, maging ito man ay may kinalaman sa pulitika o ekonomiya o kultura o batas, o mga alituntunin sa moralidad, maging pambansa man o pandaigdigian.

2. Ang **Mu'amalat** (Pakikitungo) kapag ginagampanan para sa pagsunod sa batas ni Allah ay magiging isang uri na rin ng pagsamba sa pangkalahatang kahulugan.

3. Hindi ilalahad ng aklat na ito ang buong detalye ng **Mu'amalat**. Kailangan na sumangguni ka sa tuwina sa isang pantas (*scholar*) na mapagkakatiwalaan ang kanyang karunungan sa Islam o sa isang aklat na tumatalakay sa mga batas ng Islam.

Ang limang haligi ng Islam na dapat gampanan ay ang mga sumusunod:

- a) Ang **Shahadatayn** (Ang Dalawang Pagsasaksi)
- b) Ang **Salah** (Ang Pagdarasal sa Islam)
- k) Ang **Sawm** (Ang Pag-aayuno sa buwan ng **Ramadan**)
- d) Ang **Zakah** (Ang Pagbibigay ng kawanggawa)
- e) Ang **Hajj** (Ang Pagdalaw sa bahay ni Allah sa **Makkah**)

ANG SHAHADATAYN

Ang **Shahadatayn** ay ang pagsasaksi ng buong puso sa pamamagitan ng pagbigkas ng mga sumusunod:

a) *ASHHADU ALLAA ILAAHA ILLAL LAAH* (Ako'y sumasaksi na walang ibang diyos maliban kay Allah.)

b) *WA ASHHADU ANNA MUHAMMADAR RASOOLUL LAAH* (At ako'y sumasaksi rin na si Muhammad (spk) ay sugo ni Allah)

Ang **Shahadatayn** ay ang tahasang pagkilala at paniniwala sa kaisahan ni Allah, na Siya lamang ang karapatdapat na sambahin. At ang pagkilala at paniniwala rin na si Muhammad (spk) ay isinugo ni Allah.

BAKIT KAILANGAN NATING MAG SALAH KAY ALLAH

1. Sapagkat ang pagsa **salah** ay isa sa mga pinakadakilang uri ng pagsamba sa Kanya, na ibig Niyang gawin natin.

2. Bilang pagpapasalamat natin sa Kanya dahil nilalang Niya tayo sa pinakamataas na antas.

3. Dahil Kanya tayong pinatnubayan sa Islam.

4. Nang sa gayon ito'y magsilbing isang pagkakataon para sa ating mga Muslim upang maiparating natin sa kanya ang ating mga nararamdaman at pangangailangan.

5. Bilang paggunita sa Kanya, upang hindi natin Siya malimutan, at hindi rin natin malimutan ang mga ipinag-uutos Niya sa atin, dito sa ating pansamantalang buhay sa mundo.

6. Upang tayo'y manalangin sa Kanya na nawa'y tulongan at patnubayan Niya tayo sa tuwina sa mga dumarating na mga pagsubok sa ating buhay.

7. Upang maging matatag ang ating pagmamahal at takot sa Kanya nang sa gayon ay manatili tayo sa pagiging matuwid at

masunurin sa mga katuruan ng Islam, gaya halimbawa ng mga batas nito at kagandahang asal na itinuturo nito.

8. Upang ang ating pagdarasal (**Salah**) ay magsilbing mabuting gawain na sa pamamagitan nito (**Salah**) ay pagtatakpan Niya ang ating mga nagawang kasalanan.

9. Upang paghandaan natin ang **Araw ng Paghuhukom**, ang araw na atin Siyang makakatagpo, upang makamit natin ang mga magagandang gantimpalang ikagagalak natin at nararapat para sa atin, na inihanda Niya alang-alang sa atin; **ang Hardin ng kaligayahan na walang hanggan**.

10. Ang pagdarasal (**Salah**) ay isang gawain na kung pagbubutihin lamang ang pagtupad nito ay makapagbibigay ng kapakinabangan sa ating mga Muslim; pangpisikal, pangmoralidad, pang-isperituwal. Itinataguyod rin nito ang kalinisan, kalusugan, kaayusan, disiplina, kapatiran, pagkapantay-pantay, panlipunang pagkabuklod-buklod, at marami pag iba.

ANG SALAH **(Ang Pagdarasal sa Islam)**

Tungkulin ng bawat Muslim ang mag salah ng limang beses sa isang araw.

1. Ang **Salatul-Fajr** (pagdarasal sa madaling araw) ay binubuo ng dalawang **Rak'ah** o yunit. Ang takdang oras nito ay nagsisimula sa pagsapit ng bukang-liwayway at nagtatapos sa pagsikat ng araw.

2. Ang **Salatud-Dhuhr** (pagdarasal sa tanghali) ay binubuo ng apat na **Rak'ah** o yunit. Ang takdang oras nito ay nagsisimula sa pagkababa na pagkababa ng tanghaling tapat hanggang sa dumating ang oras ng **Salatul-Asr**.

3. Ang **Salatul-Asr** (pagdarasal sa hapon) ay binubuo ng apat na **Rak'ah** o yunit. Ang takdang oras nito ay nagsisimula

kapag ang anino ng isang bagay ay kasing haba ng sarili nito, at nagtatapos bago dumating ang paglubog ng araw.

4. Ang **Salatul-Maghrib** (pagdarasal sa paglubog ng araw) ay binubuo ng tatlong **Rak'ah** o yunit. Ang takdang oras nito ay nagsisimula sa paglubog na paglubog ng araw hanggang sa takip-silim (1 1/4 oras matapos na lumubog ang araw).

5. Ang **Salatul-Isha** (pagdarasal sa gabi) ay binubuo ng apat na **Rak'ah** o yunit. Ang takdang oras nito ay nagsisimula kapag nagtapos na ang takdang oras ng **Salatul-Maghrib** hanggang sa hatinggabi.

Kinakailangang mag **salah** nang sama-sama (**Jama'ah**) sa isang **Masjid** hanggang mayroong **Masjid**. Kung sakaling walang **Masjid**, maaari kang magdasal na mag-isa, subalit kung ikaw ay may kasamang mga Muslim, kinakailangang magdasal kayo ng sama-sama (**Jama'ah**). Tiyakin na ang katawan, kasuotan, at ang lugar na pagdarasalan ay pawang malilinis. Kinakailangan din na nakapag **wudu** bago mag **salah**.

ANG KASUUTAN SA PAGSA SALAH

Ang Kasuutan ng lalake ay kahit matakpan man lang ang bahagi ng katawan mula sa pusod hanggang sa tuhod. Kailangan din na mayroong takip ang mga balikat.

Kailangang balot ang babae mula sa ulo hanggang sa paa, maliban sa mukha. Hindi rin katanggap-tanggap ang **Salah** kapag ang suot na damit ay manipis at naaaninag ang katawan. Dapat ding iwasan ang masisikip na kasuutan na nagpapakita ng hubog ng katawan.

Paalala

Upang mabigkas nang tama ang mga talata ng Qur'an at mga salitang Arabik, kinakailangang sumangguni sa isang mapagkakatiwalaang Muslim na bihasang magsalita o bumigkas ng wikang Arabik. Ang pagkakasulat sa ibaba ng mga salitang Arabik at mga talata ng Qur'an sa mga letrang Ingles ay upang maging madali ang pagbigkas at pagkabisa ng mga ito. Kailangang bigkasin ang lahat ng mga letra.

Salatul-Fajr (Pagdarasal sa madaling araw)

1. Humarap sa **Qiblah**, ang dakong kinaroroonan ng **Ka'abah** sa **Makkah Al-Mukarramah**.

2. Bigkasin ang "**ALLAAHU AKBAR**" (*Si Allah ay Dakila*) habang itinataas nang pantay sa balikat o tainga ang mga kamay na nakabukas. (larawan 1)

3. Ilagay ang mga kamay sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa. (larawan 2)

4. Bigkasin ito nang tahimik:

"SUBHAANAKAL LAHUMMA WA BIHAMDIKA WA TABAARAKASMUKA WA TA'AALAA JADDUKA WA LA ILAAHA GHAYRUK."

(O Allah, sumaiyo ang kaluwalhatian at ang pagpupuri, maluwalhati ang Iyong pangalan, kataastaasan ang Iyong karangalan sapagkat walang ibang diyos bukod pa sa Iyo.)

سبحانك اللهم وبحمدك وتبارك اسمك وتعالى جدك ولا إله غيرك

5. Bigkasin ito nang tahimik:

**"A'OODHU BIL LAHI MINASH SHAY TAANIR RAJEEM
BISMILLAAHIR RAHMAANIR RAHEEM"**

*(Ako ay nagpapakupkop kay Allah laban kay Satanas na isinumpa.
Sa ngalan ni Allah, Ang Mahabagin, Ang Maawain,)*

أعوذ بالله من الشيطان الرجيم، بسم الله الرحمن الرحيم

6. Bigkasin ang *SURATUL-FATIHAH*:

*ALHAMDU LILLAHI RABBIL-'AALAMEEN,
ARRAHMANIR RAHEEM
MAALIKI YAWMIDDEEN
EEYYAAKA NA'BUDU WA EEYYAAKA NASTA'EEN
IHDINAS SIRAA TAL MUSTAQEEM
SIRAA TAL LADHEENA AN'AMTA ALAYHIM
GHAYRIL MAGHDOOBI ALAYHIM WALAD DAALLEEN.*

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ ﴿١﴾ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ ﴿٢﴾ مَلِكِ يَوْمِ الدِّينِ ﴿٣﴾
إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ ﴿٤﴾ اهْدِنَا الصِّرَاطَ الْمُسْتَقِيمَ ﴿٥﴾ صِرَاطَ
الَّذِينَ أَنْعَمْتَ عَلَيْهِمْ غَيْرِ الْمَغْضُوبِ عَلَيْهِمْ وَلَا الضَّالِّينَ ﴿٦﴾

7. Bumigkas ng kahit anong bahagi ng *Qur'an*. (*Kapag nagsa salah na kasama ng Imam (taong nangunguna sa salah), huwag nang bumigkas ng kahit anong talata ng Qur'an. Sapat na lamang na bigkasin nang tahimik ang Surah Al-Fatihah matapos na ito ay bigkasin ng Imam.*)

Suratul-Ikhlās (Kabanata 112)

"Bismillahir Rahmanir Raheem"

*QUL HUWAL LAAHU AHAD. ALLAAHUS SAMAD
LAM YALID WA LAM YOOLAD
WALAM YAKUL LAHU KUFUWAN AHAD.*

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ ﴿١﴾ اللَّهُ الصَّمَدُ ﴿٢﴾ لَمْ يَلِدْ
وَلَمْ يُولَدْ ﴿٣﴾ وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا أَحَدٌ ﴿٤﴾

o kaya:

Suratul-Asr (Kabanata 103)

"Bismillaahir Rahmaanir Raheem"

WAL ASR, INNAL-INSAANA LA FEE KHUSR

ILLAL LADHEENNA AAMANOO WA 'AAMILUS SAALIHATI

WATAWAASAW BILHAQQI WATAWAASAW BIS SABR.

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

وَالْعَصْرِ ﴿١﴾
إِنَّا لَإِنسَنَ لَفِي خُسْرٍ ﴿٢﴾
إِلَّا الَّذِينَ ءَامَنُوا
وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ وَتَوَاصَوْا بِالْحَقِّ وَتَوَاصَوْا بِالصَّبْرِ ﴿٣﴾

o kaya:

Suratun-Nas (Kabanata 114)

"Bismillaahir Rahmaanir Raheem"

QUL A'OODHU BI RABBINNAAS

MALIKIN NAAS. ILAAHIN NAAS

MIN SHARRIL WASWAASIL KHANNAAS

ALLADHEE YUWASWISU FEE SUDOORIN NAAS

MINAL JINNATI WAN NAAS.

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ النَّاسِ ﴿١﴾
مَلِكِ النَّاسِ ﴿٢﴾
إِلَهِ النَّاسِ ﴿٣﴾
مِن شَرِّ الْوَسْوَاسِ الْخَنَّاسِ ﴿٤﴾
الَّذِي
يُوسْوِسُ فِي صُدُورِ النَّاسِ ﴿٥﴾
مِنَ الْجِنَّةِ وَالنَّاسِ ﴿٦﴾

o kaya:

Suratul-Falaq (Kabanata 113)

"Bismillaahir Rahmaanir Raheem"

QUL A'OODHU BIRABBIL FALAQ

MIN SHARRI MAA KHALAQ

WA MIN SHARRI GHAASIQIN IDHAA WAQAB

WA MIN SHARRIN NAFFAATHAATI FIL 'UQAD.

WA MIN SHARRI HAASIDIN IDHAA HASAD.

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْفَلَقِ ۝ (١) مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ ۝ (٢) وَمِنْ
شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ ۝ (٣) وَمِنْ شَرِّ النَّفَّاثَاتِ فِي
الْعُقَدِ ۝ (٤) وَمِنْ شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ ۝ (٥)

8. Itaas nang pantay sa balikat o tainga ang mga nakabukas na mga kamay habang sinasabi ang "ALLAAHU AKBAR." Pagkatapos ay iyuko ang ulo na kasama ang katawan. Ang katawan ay nakayukong tuwid habang nakahawak ang dalawang kamay sa mga tuhod. (larawan 1 -3)

9. Habang nakayuko, bigkasin nang tahimik ang "SUBHAANA RABBIYAL ADHEEM."

(Kaluwalhatian sa aking Panginoon na Pinakadakila.) Mas mainam kung ito ay bibigkasin nang tatlong beses.

10. Itayo ang katawan habang itinataas ang mga kamay at ipantay ang mga ito sa balikat o tainga, at saka ilagay sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa. At pagkatapos ay bigkasin nang tahimik ang mga sumusunod (larawan 1 - 2)

"RABBANA LAKAL HAMD MIL'AS SAMAWATI WA MIL'AL ARDI WA MA SHI'TA MIN SHAY'IN BA'D."

(Panginoon namin, sa Iyo po lamang nauukol ang mga pagpupuring pumupuno sa mga langit at pumupuno sa lupa at pumupuno sa ano mang bagay na naisin Mo.)

ربنا ولك الحمد ملء السموات وملء الأرض وما شئت من شيء بعد

Kapag nagsa **salah** nang mag-isa, ito ang bigkasin bago ang nabanggit sa itaas: "**SAMI' ALLAAHU LIMAN HAMIDAH.**"
(Dinidinig ni Allah ang sino man na nagpupuri sa Kanya.)

11. Pagkatapos ay magpatirapa habang binibigkas ang "**ALLAAHU AKBAR.**" Sa pagpapatirapa, kinakailangang ang noo, dulo ng ilong, dalawang palad, dalawang tuhod, at mga daliri ng dalawang paa ay pawang nakatukod lahat sa sahig. Habang nakapatirapa, bigkasin nang tahimik ang "**SUBHAANA RABBIYAL A'ALAA.**" *(Kaluwalhatian sa aking Panginoong Kataastaasan.)* Mas mainam kung ito ay bibigkasin nang tatlong beses. (larawan 4)

12. Pagkatapos ay bigkasin ang "**ALLAAHU AKBAR**" habang itinataas ang ulo at katawan upang umupo. At habang nakaupo, bigkasin nang tahimik ang "**RABBIGH FIRLEE WAR HAMNEE WAHDINEE WAR ZUQNEE WAJ BUR NEE WA AAFINEE.**" (larawan 5 - 6 - 7) *(Panginoon ko, ako po ay Iyong patawarin, ako po ay iyong kaawaan, ako po ay Iyong patnubayan, ako po ay Iyong tustusan sa aking mga pangangailangan, ako po ay Iyong aliwin, at ako po ay iyong pagalingin.)*

رب اغفر لي وارحمني واهدني وارزقني وعافني.

13. Bigkasin ang "**ALLAAHU AKBAR**" habang nagpapatirapa, sa ikalawang pagkakataon. At habang nakapatirapa, bigkasin nang tahimik ang "**SUBHANNAA RABBIYAL A'ALAA.**" Mas mainam kung ito ay bibigkasin nang tatlong beses. (larawan 4)

***(Matapos makapagpatirapa nang dalawang beses, nakumpleto mo na ang unang RAK'AH o yunit.)**

14. Pagkatapos ng ikalawang pagpapatirapa ay muling tumayo habang binibigkas ang "**ALLAAHU AKBAR**" upang simulan ang ikalawang **Rak'ah**. Muling gawin ang ginawa mula sa bilang 6 (ikaanim) hanggang sa katapusan ng bilang 13 (Ikalabingtatlo). Sa bilang 7 (ikapito) mas mainam na bumigkas ng bahagi ng **Qur'an** na iba kaysa unang binigkas, kung ikaw ay hindi nagsa **salah** na kasama ng **Imam**.

15. Matapos na makapagpapatirapa nang dalawang ulit, nakumpleto mo na ang ikalawang **RAK'AH** o yunit. Manatiling nakaupo at bigkasin nang tahimik ang **TASHAHHUD**:

"AT TAHIYYAATU LILLAHI WAS SALAWAATU WAT TAYYIBAATU ASSALAAMU 'ALAYKA AYYUHAN NABEEYU WA RAHMATUL LAAHI WA BARAKAATUH. ASSAALAMU ALAAYNA WA ALAA IBAADILLAAHIS SAALIHEEN. *ASHHADU ALLAA ILAAHA ILLALLAAH WAHDAHU LA SHAREEKA LAH WA ASHHADU ANNA MUHAMMADAN ABDUHO WA RASOOLUH. ALLAHUMMA SALLI ALAA MUHAMMAD WA ALAA AALI MUHAMMAD KAMAA SALLAYTA ALAA IBRAAHEEMA WA ALAA AALI IBRAAHEEMA INNAKA HAMEEDUM MAJEED. WA BAARIK ALAA MUHAMMAD WA ALAA AALI MUHAMMAD KAMAA BAARAKTA ALAA IBRAAHEEMA WA ALAA AALI IBRAAHEEMA INNAKA HAMEEDUM MAJEED.

** Ituro ang kanang hintuturo nang hindi inaalís ang kanang kamay sa pagkakapatong sa hita habang binibigkas nang tahimik ang mga katagang hindi nakasulat ng pahilig.*

(Ang mga pagbati, mga dasal, at mga mabubuting bagay sa buhay ay kay Allah. Sumaiyo ang kapayapaan, o Propeta at gayon din ang habag at mga pagpapala ni Allah. Ang kapayapaan ay mapasamin at mapasakanila na mga matutuwid na lingkod ni Allah. Ako ay sumaksi na walang ibang diyos maliban pa kay Allah, natatanging Siya lamang, wala Siyang katambal. At ako ay sumasaksi rin na si Muhammad ay Kanyang sugo at lingkod.

O Allah, pagpalain Mo po si Muhammad at ang kanyang mag-anak tulad ng pagpala Mo kay Ibrahim at sa kanyang mag-anak, tunay po na Ikaw ay kapuripuri at maluwalhati. Biyayaan Mo po si Muhammad at

ang kanyang mag-anak tulad ng pagbiyaya Mo kay Ibrahim at kanyang mag-anak, tunay po na Ikaw ay kapuripuri at maluwalhati.)

التحيات لله والصلوات والطيبات. السلام عليك أيها النبي ورحمة الله وبركاته.
السلام علينا وعلى عباد الله الصالحين. أشهد أن لا إله إلا الله وأشهد أن محمدا
عبده ورسوله. اللهم صل على محمد وعلى آل محمد. كما صليت على إبراهيم وعلى
آل إبراهيم إنك حميد مجيد. وبارك على محمد وعلى آل محمد كما باركت على
إبراهيم وعلى آل إبراهيم إنك حميد مجيد

16. Pagkatapos ng TASHAHHUD ay mag TASLEEM.
(Lumingon sa kanan habang sinasabi ang "AS-SALAAMU
ALAYKUM WARAH MATULLAAH " (*Sumainyo ang kapayapaan at
ang habag ni Allah.*) at saka lumingon din sa kaliwa habang
sinasabi ang "AS-SALAAMU ALAYKUM WARAH MATULLAAH.")
(larawan 8 - 9)

(Dito nagtatapos ang SALATUL- FAJR)

Salatul-Maghrib

(Pagdarasal sa Paglubog ng Araw)

1. Sa pagsagawa ng **Salatul-Maghrib**, gawin ang katulad ng ginagawa sa **Salatul-Fajr**, mula sa unang bilang (1) hanggang sa ikalabing apat (14).

2. Matapos na makapagpatirapa nang dalawang ulit, nakumpleto mo na ang ikalawang **RAK'AH** o yunit. Manatiling nakaupo at bigkasin nang tahimik ang unang **TASHAHHUD**.

AT TAHIYYAATU LILLAHI WAS SALAWAATU WAT TAYYIBAATU ASSALAAMU 'ALAYKA AYYUHAN NABEEYU WA RAHMATUL LAHI WA BARAKAATUH. ASSAALAMU ALAAYNA WA ALAA IBAADILLAHAHIS SAALIHEEN. *ASHHADU ALLAA ILAAHA ILLALLAAH WAHDAHU LA SHAREEKA LAH WA ASHHADU ANNA MUHAMMADAN ABDUHO WA RASOOLUH.

3. Pagkatapos ay tumayo habang binibigkas ang "**ALLAHU AKBAR**" at gawin ang katulad sa ginawa mula sa bilang anim (6) hanggang sa katapusan ng bilang labingtatlo (13), maliban sa bilang pito (7).

4. Matapos na makapagpatirapa nang dalawang beses, nakumpleto mo na ang ikatlong **RAK'AH**. Manatiling nakaupo (**Tignan ang larawan 10.**) at tahimik na bigkasin ang huling **TASHAHHUD**:

*AT TAHIYYAATU LILLAHI WAS SALAWAATU WAT TAYYIBAATU ASSALAAMU 'ALAYKA AYYUHAN NABEEYU WA RAHMATUL LAahi WA BARAKAATUH. ASSAALAMU ALAYNA WA ALAA IBAADILLAaHIS SAALIHEEN. *ASHHADU ALLAA ILAAHA ILLALLAAH WAHDahu LA SHAREEKA LAH WA ASHHADU ANNA MUHAMMADAN ABDUHO WA RASOOLUH. ALLAHUMMA SALLI ALAA MUHAMMAD WA ALAA AALI MUHAMMAD KAMAA SALLAYTA ALAA IBRAAHEEMA WA ALAA AALI IBRAAHEEMA INNAKA HAMEEDUM MAJEED. WA BAARIK ALAA MUHAMMAD WA ALAA AALI MUHAMMAD KAMAA BAARAKTA ALAA IBRAAHEEMA WA ALAA AALI IBRAAHEEMA INNAKA HAMEEDUM MAJEED.*

5. Pagkatapos nito, bigkasin ang **TASLEEM**. (Lumingon sa kanan habang sinasabi ang "**AS-SALAAMU ALAYKUM WARAH MATULAAH**." At lumingon din sa kaliwa habang sinasabi ang "**AS-SALAAMU ALAYKUM WARAH MATULLAAH**.")

(Dito nagtatapos ang **SALATUL-MAGHRIB**)

Ang mga Natitirang Salah **(Salatud-Dhuhr, Salat-ul-Asr, Salat-ul-Isha)**

1. Sa pagsagawa ng alin man sa mga natitirang tatlong **Salah**, gawin ang katulad ng ginagawa sa **Salatul-Fajr**, mula sa unang bilang (1) hangang sa ikalabing-apat (14).

2. Matapos na makapagpatirapa nang dalawang ulit, nakumpleto mo na ang ikalawang **RAK'AH** o yunit. Manatiling nakaupo at bigkasin nang tahimik ang unang **TASHAHHUD**:

*AT TAHIYYAATU LILLAHI WAS SALAWAATU WAT TAYYIBAATU ASSALAAMU 'ALAYKA AYYUHAN NABEEYU WA RAHMATUL LAHI WA BARAKAATUH. ASSAALAMU ALAAYNA WA ALAA IBAADILLAHHIS SAALIHEEN. *ASHHADU ALLAA ILAAHA ILLALLAAH WAHDHU LA SHAREEKA LAH WA ASHHADU ANNA MUHAMMADAN ABDUHO WA RASOOLUH.*



3. Pagkatapos ay tumayo habang binibigkas ang "*ALLAHU AKBAR*" at gawin ang katulad ng ginawa mula sa bilang anim (6) hanggang sa katapusan ng bilang labing-apat (14), maliban sa bilang pito (7) upang gawin ang natitirang dalawang **Rak'ah** o yunit.

4. Matapos na makapagpatirapa ng dalawang beses, nakumpleto mo na ang ikaapat na **Rak'ah**. Manatiling nakaupo at tahimik na bigkasin ang huling **TASHAHHUD**:

*AT TAHIYYAATU LILLAHI WAS SALAWAATU WAT TAYYIBAATU ASSALAAMU 'ALAYKA AYYUHAN NABEEYU WA RAHMATUL LAHI WA BARAKAATUH. ASSAALAMU ALAAYNA WA ALAA IBAADILLAHHIS SAALIHEEN. *ASHHADU ALLAA ILAAHA ILLALLAAH WAHDHU LA SHAREEKA LAH WA ASHHADU ANNA MUHAMMADAN ABDUHO WA RASOOLUH. ALLAHUMMA SALLI ALAA MUHAMMAD WA ALAA AALI MUHAMMAD KAMAA SALLAYTA ALAA IBRAAHEEMA WA ALAA AALI IBRAAHEEMA INNAKA HAMEEDUN MAJEED. WA BAARIK ALAA MUHAMMAD WA ALAA AALI MUHAMMAD KAMAA BAARAKTA ALAA IBRAAHEEMA WA ALAA AALI IBRAAHEEMA INNAKA HAMEEDUN MAJEED.*

5. Pagkatapos nito, bigkasin ang **TASLEEM**. (Lumington sa kanan habang sinasabi ang *AS-SALAAMU ALAYKUM WARAH MATULAAH*. At lumington din sa kaliwa habang sinasabi ang *AS-SALAAMU ALAYKUM WARAH MATULLAAH*). (Pansinin ang pagkakaupo sa tatlong salah na ito habang sinasabi ang **TASHAHHUD**. (larawan 10)

(Dito Nagtatapos ang Salah)



Mga Panalangin Pagkatapos ng Limang Salah

Itinatagubilin ang mga sumusunod na panalangin:

* **ASTAGHFIRULLAH (3x)** (*Patawarin mo po ako Allah.*)

* **ALLAHUMMA ANTAS SALAMU WA MINKAS SALAMU TABARAKTA YA DHAL JALALI WAL IKRAM.** (*O Allah, Ikaw po ang Kapayapaan at sa Iyo rin po nagmumula ang kapayapaan, Ikaw po ay pakabanalin, Ikaw na nagtataglay ng kaluwalhatian at karangalan.*)

* **LA ILAAHA ILLALLAHU WAHDAHU LA SHAREEKA LAH, LAHUL MULKU WA LAHUL HAMDU WA HUWA ALAA KULLI SHAY-IN QADEER.** (*Walang ibang diyos maliban pa kay Allah, tanging Siya lamang, wala Siyang katambal. Sa Kanya lamang ang paghahari at sa Kanya lamang nauukol ang pagpupuri. At Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.*)

* **LAA HAWLA WA LAA QUWATA ILLA BILLAH.** (*Walang lakas at walang kapangyarihan kundi sa pamamagitan ni Allah.*)

* **LAA ILAAHA ILLALLAHU WA LAA NA'BUDU ILLA IY YAH, LAHUN NI'MATU WA LAHUL FADHLU WA LAHUTH THANA-UL HASAN. LA ILAHA ILLALAHU MUKHLISEENA LAHUD DEENA WALAW KARIHAL KAFIROON.** (*Walang ibang diyos maliban pa kay Allah, wala tayong iba pang sinasamba kundi Siya lamang. Angkin Niya ang pagpupala at angkin din Niya ang biyaya at sa Kanya lamang nauukol ang mainam na papuri. Walang ibang diyos maliban kay Allah, manalangin kayo nang tapat sa Kanya, sa Kanya lamang ang pagtalima, kasuklaman man ito ng mga hindi sumasampalataya.*)

* **ALLAHUMMA LA MANI'A LIMA AATAITA WALA MU'TIYA LIMA MANA'TA WALA YANFA-U DHAL JADDI MINKAL JAD.**

(*O Allah, wala pong makapipigil sa Iyong pagkakalooban at wala pong makapagbibigay kapag pinigilan Mo. At hindi po makapagbibigay ng kapakinabangan sa taong may magandang kapalaran ang magandang kapalaran sapagkat sa Iyo po ito nagmumula.*)

أستغفر الله، أستغفر الله، أستغفر الله. اللهم أنت السلام ومنك السلام تباركت يا ذا الجلال والإكرام. لا إله إلا الله وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد وهو على كل شيء قدير. لا حول ولا قوة إلا بالله. لا إله إلا الله ولا

نعبد إلا إياه، له النعمة وله الفضل وله الثناء الحسن. لا إله إلا الله مخلصين له الدين ولو كره الكافرون. اللهم لا مانع لما أعطيت ولا معطي لما منعت ولا ينفع ذا الجد منك الجد.

Pagkatapos ng Salat-ul-Maghrib at Salat-ul-Fajir, makabubuting bigkasin ang mga ito:

* *LA ILAAHA ILLALLAHU WAHDAHU LA SHA REEKA LAH, LAHUL MULKU WA LAHUL HAMDU YUHYII WA YUMITU WA HOWA ALA KULLI SHAY- IN QADEER. (10x) (Walang ibang diyos maliban kay Allah, tanging Siya lamang, wala Siyang katambal. Sa Kanya lamang ang paghahari at sa Kanya lamang nauukol ang pagpupuri. Siya ang nagbibigay ng buhay at Siya rin ang bumabawi ng buhay. At Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.)*

**SUBHANAAL LAAH (33x) (Kaluwalhatian kay Allah.)*

**ALHAMDU LILLAH (33x) (Ang papuri ay nauukol kay Allah.)*

**ALLAHU AKBAR (33x) (S i Allah ay Dakila.)*

**LAA ILAAHA ILLALLAHU WAHDAHU LA SHA REEKA LAH, LAHUL MULKU WA LAHUL HAMDU YUHYEE WA YUMEETU WA HUWA ALA KULLI SHAY-IN QADEER. (1x) (Walang ibang diyos maliban kay Allah, tanging Siya lamang, wala Siyang katambal. Sa kanya lamang ang paghahari at sa Kanya lamang ang pagpupuri. Siya ang nagbibigay ng buhay at Siya rin ang bumabawi ng buhay. At Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.)*

سبحان الله ، الحمد لله، الله أكبر لا إله إلا الله وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد يحيي ويميت وهو على كل شيء قدير

Basahin din ang Ayatul Kursi:

ALLAHU LA ILAAHA ILLAA HUWAL HAYYUL QAYYUM, LAA TA'KHUDHUHU SINATUW WALAA NAWM, LAHU MAAFIS SAMAWATI WAMAA FIL ARD, MAN DHAL LADHEE YASH FA'U INDAHU ILLA BI IDHNIH, YA'LAMU MAA BAYNA AYDEEHIM WAMAA KHALFAHUM, WALAA YUHEETOONA BISHAY IM MIN ILMIHI ILLAA BIMA SHAA'A, WASI'A KURSI YUHUS SAMAWATI WAL ARD, WALAA YA'UDUHU HIFDHUHUMAA WA HUWAL ALIYYUL ADHEEM.

Pagkatapos ay basahin o bigkasin nang tig-iisang beses ang Surat-ul-Ikhlās, Surat-ul-Falaq, at Suratun-Nas, sa Salatud

Duhur, Salat-ul-Asr, at Salat-ul-Isha, at tig-tatatlong beses naman sa Salat-ul-Fajr at Salat-ul-Maghrib.

Suratul-Ikhlis (Kabanata 112)

"Bismillahir Rahmanir Raheem"

QUL HUWAL LAAHU AHAD

ALLAAHUS SAMAD

LAM YALID WA LAM YOOLAD

WALAM YAKUL LAHU KUFUWAN AHAD.

Suratul-Falaq (Kabanata 113)

"Bismillaahir Rahmaanir Raheem"

QUL A'OODHU BIRABBIL FALAQ

MIN SHARRI MAA KHALAQ

WA MIN SHARRI GHAASIQIN IDHAA WAQAB

WA MIN SHARRIN NAFFAATHAATI FIL 'UQAD.

WA MIN SHARRI HAASIDIN IDHAA HASAD.

Suratun-Nas (Kabanata 114)

"Bismillaahir Rahmaanir Raheem"

QUL A'OODHU BI RABBINNAAS

MALIKIN NAAS. ILAAHIN NAAS.

MIN SHARRIL WASWAASIL KHANNAAS

ALLADHEE YUWASWISU FEE SUDOORIN NAAS

MINAL JINNATI WAN NAAS

ANG PAGHAHABOL SA SALAH KAPAG DUMATING NANG HULI

Tandaan mo na ang bawat isa sa limang obligadong **Salah** ay may kanya-kanyang takdang bilang ng **Rak'ah** o yunit. Kung magkaminsan ay maaari kang dumating nang huli sa **Masjid** at hindi maabutan na kasabay ng **Imam** ang lahat ng **Rak'ah** ng **Salah**. Gayon pa man, kapag dumating ka na at nakita mong nagsa **salah** na ang mga tao, bigkasin mo, habang nakatayo, ang "**ALLAHU AKBAR**" habang itinataas mo nang pantay sa balikat o

tainga ang iyong mga kamay, at saka kaagad kang sumabay sa ano mang maaabutan mo na ginagawa nila. Halimbawa; kung sila ay naabutan mong nakatayo, tumayo ka rin, at kung sila ay naka **sujud**, mag **sujud** ka rin. Pagkatapos mag **tasleem** ng **Imam**, tumayo ka, huwag kang mag **tasleem**, at ipagpatuloy mo nang mag-isa ang **Rak'ah** o mga **Rak'ah** na hindi mo naabutan. Halimbawa ay mayroong isang **Rak'ah** na hindi mo naabutan sa **Dhuhr**, pagkatapos mag **TASLEEM** ng **Imam**, tatayo ka upang gawin ang isang **Rak'ah** na hindi mo naabutan, sapagkat ikaw ay nag **salah** nang tatlong **Rak'ah** lamang na kasama nila. **Kung ikaw ay sumabay nang bago maitayo ng Imam ang kanyang likod buhat sa pagkaka ruku, para mo na ring naabutan ang Rak'ah na iyon. At kung hindi mo naman naabutan ang unang Rak'ah, tatayo ka upang gawin ang Rak'ah o mga Rak'ah na hindi mo naabutan.**

MGA URI NG SALAH

1. ANG FARD O OBLIGADONG SALAH

Ang **Salah** na **Fard** ay obligadong **Salah**. Ang bawa't mananampalataya ay inatasan ni Allah na gampanan ang limang obligadong **Salah**. Ang pag-iwas at hindi pagtupad sa tungkuling mag **salah**, kahit isa man lang sa limang obligadong **Salah**, ay isang malaking kasalanan at may katapat na kaparusahan.

2. ANG SALAH NA SUNNAH

Ang **Salah** na **Sunnah** ay kusang-loob na ginagampanan, hindi obligado, at ginagawa noon ni Propeta Muhammad (spk) bago o matapos gawin ang obligadong **Salah**. Ginagawa niya rin ito sa mga natatangi at pambihirang pagkakataon. Ang **Salah** na **Sunnah** ay binubuo ng dalawang **Rak'ah** at ginagawang katulad ng **Fajr**, kaya nga lamang ay hindi

binibigkas nang malakas ang **Suratul-Fatihah** at ang mga talata ng **Qur'an**.

3. ANG SALATUL-WITR

Ang **Salatul-Witr** ay **SUNNAH MU'AKKADAH**. (Mga gawain o pagsamba na binigyang-diin ni Propeta Muhammad (spk) na gawain) Palagi niya itong ginagawa noon. At kahit naglalakbay pa siya, hindi niya kinakaligtaang gawin ang **Salatul-Witr**. Lubha itong itanatagubilin kaya may mga eskolar ng Islam na naniniwalang ito ay **Wajib** (obligado). Subalit matapos ang masusing pag-aaral ng mga **Hadeeth** (Mga sawikain ni Propeta Muhammad (spk)), masasabing ang **Salatul-Witr** ay hindi **Wajib** (obligado) datapwa't ay isang dasal na binigyang-diin na gawin.

Ang **Salatul-Witr** ay isang **Salah** na hiwalay sa ibang **Salah**. Ito ay maaaring gawin sa ano mang oras pagkatapos ng **Isha** hanggang sa pagsapit ng bukañg-liwayway. Maaaring ito ay isang **Rak'ah** lamang subalit puwede ring 3 o 5 o 7 o 9 na **Rak'ah**. Ang lahat ng bilang na ito ay sinang-ayunan ni Propeta Muhammad(sp); gaya ng isinasaad ng mga **Hadeeth**.

ANG SALATUL-JUM'AH

Ang **Salatul-Jum'ah** ay binubuo ng dalawang **Rak'ah** na pinangungunahan ng isang **Imam**, ginagawa sa **Masjid** tuwing biyernes, sa oras ng **Dhuhr** pagkatapos ng **Khutbah** o sermon. Sa sandaling mag-umpisa na ang **Khutbah**, ang lahat ay kinakailangang makinig nang tahimik.

Kung dumating nang huli sa **Masjid**, at ang naabutan na lamang ay isang **Rak'ah**, kinakailangang kumpletuhin niyang mag-isa ang natitirang **Rak'ah**. Kung huling-huli na nang dumating, at hindi na niya naabutan ang ikalawang **Ruku** o ang **Salatul-Jum'ah** mismo, kailangang mag **salah** na lang siya ng **Dhuhr** na binubuo ng apat na **Rak'ah**.

Ang **Salatul-Jum'ah** ay kapalit ng **Dhuhr**, kaya nga lamang ay binibigkas nang malakas ng **Imam** ang **Suratul-Fatihah** at ang mga talata ng **Qur'an**.

SUJUDUS-SAHW

(Karagdagang Pagpapatirapa Dahilan sa Pagkalimot)

Ang **Sujudus-Sahw** ay dalawang karagdagang **Sujud** (pagpapatirapa), na ginagawa bago o matapos mag **TASLEEM** kapag nagkamali o may nakaligtaan sa **Salah**.

Ang **Imam** ay kailangang tawagan ng pansin ng mga taong pinangungunahan sa **Salah** kapag ito ay nagkamali o may nakaligtaang gawin. Tatawagan siya ng pansin sa pamamagitan ng pagsambit ng katagang "**SUBHAANAL LAAH**." At kapag nag **sujud** ang **Imam** nang dalawang ulit bago o matapos mag **TASLEEM**, magsu **sujud** rin nang dalawang beses, ang mga taong pinangungunahan sa **Salah**, kahit na hindi sila nagkamali sa **Salah**.

1. Kung nakagawa ng **LABIS** na **Ruku** o **Sujud** o pagtayo o pag-upo dahil sa pagkalimot, pagkatapos mag **TASLEEM** ay kinakailangan mag **sujud** ng dalawang beses, at saka muling mag **TASLEEM** kaagad.

2. Kung nag **TASLEEM** bago natapos ang **Salah**, dahil siya ay nakalimot, at pagkatapos ay kanyang naalaala o siya ay napaalalahan nang maaga (mga tatlong minuto matapos magkamali), na siya pala ay nagkamali, ipagpapatuloy niya ang **Salah** upang kumpletuhin ang natitira pa sa **Salah**. At pagkatapos mag **TASLEEM**, kainakailangang mag **sujud** siya nang dalawang ulit, at saka muling mag **TASLEEM** kaagad.

3. Kung nakaligtaan niya ang unang **TASHAHHUD** o ang alin man sa mga kinakailangang gawin sa **Salah**, kailangang mag **sujud** siya ng dalawang ulit, bago mag **TASLEEM**.

4. Kung siya ay nagdududa sa kanyang **Salah**, kung siya ba ay nag **salah** nang dalawa o tatlong **Rak'ah**, at hinidi niya matiyak kung dalawa nga ba o tatlong **Rak'ah**, ang pipiliin niya ay ang pinakamababang bilang ng **Rak'ah**. Kaya ibibilang niya na siya ay nag **salah** nang dalawang **Rak'ah**, at ipagpapatuloy ang pagsa **salah**. At bago mag **TASLEEM**, kinakailangang mag **sujud** muna siya nang dalawang ulit.

5. Kung siya ay nagdududa sa kanyang **Salah**, kung siya ay nag **salah** nang dalawa o tatlong **Rak'ah**, subalit kung mas matimbang sa kanya na siya ay nag **salah** nang dalawang **Rak'ah**, ibibilang niya na siya ay nag **salah** nang dalawang **Rak'ah**, at kung sakali namang mas matimbang sa kanya na siya ay nag **salah** nang tatlong **Rak'ah**, ibibilang niya na siya ay nag **salah** nang tatlong **Rak'ah**. Ipagpapatuloy niya ang kanyang **Salah** at pagkatapos mag **TASLEEM** ay magsu **sujud** nang dalawang ulit, at saka muling mag **TASLEEM** kaagad.

Kung ang pagkalito o pagdududa ay nangyari pagkatapos ng **Salah**, huwag bigyang pansin iyon, maliban na lamang kung natiyak na talagang nagkamali nga. Kung madalas magduda sa pagsa **salah**, hindi dapat bigyan ng pansin ang mga pagdududang iyon sapagkat ang mga iyon ay bulong ng demonyo.

ANG SALAH NG MUSAFIR (Manlalakbay)

Kung ang isang tao ay naglalakabay ng hindi bababa sa walumpung kilometro, ipinahihintulot at itinatagubilin sa kanya na paikliin ang kanyang **Salah** na binubuo ng tig-aapat na **Rak'ah**; gaya ng **Dhuhr**, **Asr**, at **Isha**. Maaari rin niyang pagsamahin ang **Dhuhr** at **Asr**, ang **Maghrib** at **Isha**, kung talagang kailangan. Subalit kung hindi rin lang naman talagang kailangan, at hindi rin makabibigat sa manlalakbay, mas

mabuting huwag na lang pagsamahin ang mga **Salah**. Kung ang isang manlalakbay ang **Imam** ng **Salah** (ang nangunguna sa **Salah**), mas mainam na paikliin niya ang kanyang **Salah**. At gayundin ang dapat gawin ng mga taong pinangungunahan niya sa **Salah** na mga manlalakbay rin na katulad niya, paiikliin din nila ang kanilang **Salah**. Ang mga pinangungunahan naman na hindi mga manlalakbay ay magpatuloy upang kumpletuhin ang mga natitirang **Rak'ah**. Kung ang isang manlalakbay ay sumama lamang sa **Salah** na pinangungunahan ng hindi manlalakbay, hindi niya maaaring paikliin ang kanyang **Salah**, at kailangang sumabay siya sa kanilang **Salah**. Kung gusto niyang tumigil pansamantala nang hindi hihigit sa tatlong araw at gabi sa ibang bayan na ang layo mula sa kanyang bayan ay walumpung kilometro o higit pa, maaari rin niyang paikliin at pagsamahin ang mga **Salah**. Subalit kung naririnig niya ang **Adhan** (Panawagan ng pagsa **salah**) sa naturang bayan, kailangang gawin niya ang **Salah** sa **Masjid**.

Kung hindi tiyak ng manlalakbay kung ilang araw siyang mamamalagi sa ibang bayan, maaari niyang paikliin ang kanyang **Salah** hanggang hindi siya nakabalik sa kanyang bayan. Mas mabuting hindi na rin niya gawin ang mga **Sunnah** na **Salah**, na ginagawa bago o matapos ang bawat obligadong **Salah**, maliban sa dalawang **Rak'ah** na **Sunnah**, na ginagawa bago ang **Fajr**. Ang **Salatul Witr** ay dapat ding gawin kahit naglalakbay sapagkat ginagawa ito noon ng Propeta (spk) kapag siya ay naglalakbay.

ANG PAGSASAMA NG MGA SALAH

Tulad nga ng nabanggit, maaaring pagsamahin ang mga **Salah**. May dalawang uri ng pagsasama ng **Salah**; ang **TAQDEEM** o ang **Pagpapauna** at ang **TA'KHEER** o ang **Pagpapaliban**.

Ang **TAQDEEM**: Ginagawa kaagad ang **Asr** pagkatapos ng **Dhuhr**, at ginagawa rin kaagad ang **Isha** pagkatapos ng **Maghrib**. Ang **TA'KHEER**: Ang **Dhur** ay ipinahuhuli upang gawing kasama ng **Asr**, pagsapit ng oras ng **Asr**, at ang **Maghrib** ay ipinahuhuli rin upang gawing kasama ng **Isha**, pagsapit ng oras ng **Isha**. Hindi maaaring mauna ang **Asr** sa **Dhuhr**, at ang **Isha** sa **Maghrib**.

Ang **Maghrib** ay hindi maaaring paikliin. Ang **Fajr** ay hindi rin maaaring paikliin o isama sa alin mang **Salah** ni ipagpaliban kapag oras nang gawin ito.

PAPAAANONG MAGTA TAHARAH ANG MAY-SAKIT

1. Ang taong may-sakit ay kailangan pa ring mag **Wudu** o mag **Ghusl**.

2. Kung hindi siya maaaring gumamit ng tubig sanhi ng kahinaan o pangamba na baka lumala o maantala ang paggaling ng kanyang sakit, maaari siyang mag **tayammum**.

3. Kung hindi niya kayang mag **taharah**, maaaring ang ibang tao ang mag **wudu** o ang mag **tayammum** para sa kanya.

4. Kailangang hugasan pa rin niya ang bahagi ng kanyang katawan na may sugat kung ang bahaging iyon ay kailangang hugasan. Subalit kung ang paghuhugas sa bahaging iyon ay makasasama sa kanya, kailangang haplusin na lamang niya iyon ng kanyang basang kamay. Kung ang paghahaplos sa bahaging iyon ay makasasama pa rin, kailangang mag **wudu** siya na gaya ng sa karaniwan pero hindi na niya huhugasan o hahaplusin ng basang kamay ang bahaging iyon. At pagkatapos ng wudu na ito, kinakailangan mag **tayammum** pa siya.

5. Ang pilay o ang sugat na may bendahe ay kailangang haplusin lamang ng basang kamay sa halip na hugasan pa, kapag nagwu **wudu**.

6. Ang katawan o mga kasuutan o lugar na pagdarasalan ay kailangang malinis at walang **Najasah** (Marumi). Kung ang alin man sa mga nabanggit ay nagkaroon ng **Najasah**, kailangang linisin ito bago mag **salah**. Kung hindi kayang linisin o alisin ang **Najasah**, maaari pa rin siyang mag **salah**.

7 Ang **Salah** ay dapat gawin sa tamang oras nito, at hindi dapat ipagpaliban dahil lamang sa hindi makapag **wudu**, sa halip ay dapat pa niyang sikapin na mag **wudu** sa abot ng kanyang makakaya. At kahit may **Najasah** pa sa kanyang damit na hindi niya maalis, kailangang mag **salah** pa rin siya.

PAPAAANONG MAGSA SALAH ANG MAY-SAKIT

1. Nararapat na mag **salah** ang may-sakit na nakatayo, kahit pa nakabaluktot ang kanyang likod o nakasandal sa dingding o nakahawak sa tungkod.

2. Kung hindi niya kayang tumayo, maaari siyang mag **salah** nang nakaupo.

3. Kung hindi niya kayang mag **salah** nang nakaupo, puwede siyang mag **salah** nang nakahiga na nakatagilid na nakaharap sa **Qiblah**. Mas mainam kung ang kanang tagiliran ng kaniyang katawan ang siyang nakalapat. Kung hindi niya magawang humarap sa **Qiblah**, maaari pa rin siyang mag **salah** kahit saan man nakaharap.

4. Kailangang mag **ruku** at mag **sujud** pa rin ang may-sakit kapag nagsa **salah**. Subalit kung hindi niya kayang mag **ruku** at mag **sujud**, iyuyuko na lamang niya ang kanyang ulo bilang tanda ng pag **ruku** at pag **sujud**. Ang pagyuko ng ulo bilang tanda ng **Sujud** ay kailangang mas mababa sa pagyuko ng ulo bilang tanda ng **Ruku**. Kung kayang mag **sujud** ngunit hindi kayang mag **ruku**, magsu **sujud** para sa **Sujud**, at iyuko ang ulo bilang tanda ng **Ruku**. Kung kayang mag **ruku** ngunit hindi

kayang mag **sujud**, mag **ruku** para sa **Ruku**, at iyuko ang ulo bilang tanda ng **sujud**.

5. Kung hindi niya kayang iyuko ang kanyang ulo bilang tanda ng **Ruku** at **Sujud**, maaari niyang ipahiwatig iyon sa pamamagitan ng kanyang mata. Pipikit siya ng bahagya bilang tanda ng **Ruku**, at pipikit siya ng higit pa, bilang tanda naman ng **Sujud**. Ang pagpapahiwatig sa pamamagitan ng daliri bilang tanda ng **Ruku** at **Sujud** ay walang batayan sa Islam.

6.. Kung hindi niya kayang iyuko ang kanyang ulo o ipikit ang kanyang mata bilang tanda ng **Sujud** at **Ruku**, kailangang mag **salah** siya sa pamamagitan ng kanyang isipan. Bibigkasin niya ang **ALLAHUAKBAR**, at ang mga kinakailangang bigkasin, at isasaisip naman niya ang mga gawain at kilos sa **Salah** gaya ng pagsu **sujud**, pagru **ruku**, at iba pa.

7. Kailangang gawin ng may-sakit ang bawat **Salah** sa tamang oras, at kailangan din na gawin niya, sa abot ng kanyang makakaya, ang mga kinakailangang gawin sa **Salah**. Subalit kung mahirap para sa kanya na gawin ang bawat **Salah** sa takdang oras nito, maaari niyang pagsamahin ang **Dhur** at **Asr**, at ang **Maghrib** at **Isha**. Maaari niyang gawin ang **TAQDEEM** (ang *Pagpapauna*) o ang **TA'KHEER** (ang *Pagpapaliban*).

TAQDEEM: Ginagawa kaagad ang **Asr** pagkatapos ng **Dhur**, at ginagawa rin kaagad ang **Isha** pagkatapos ng **Maghrib**.

TA'AKHEER: Ang **Dhuhr** ay ipinahuhuli upang gawing kasama ng **Asr**, sa oras ng **Asr**, at ang **Maghrib** ay ipinahuhuli rin pang gawing kasama ng **Isha**, sa oras ng **Isha**. Maaaring gawin ang alin man sa **TAQDEEM** o **TA'KHEER**, kung alin ang mas madali sa may-sakit. Ang **Fajr** ay hindi puwedeng isama sa alin mang **Salah** at hindi rin puwedeng ipagpaliban kapag dumating ang takdang oras nito.

ANG SALATUL-JANAZAH (Salah para sa Patay)

Karapatan ng isang Muslim, kapag siya ay namatay, na dasalan ng ibang mga Muslim. Ang **Salatul-Janazah** ay kailangang gawin sa **Jama'ah** (kongregasyon) sapagkat mas malaki ang gantimpalang tatamuhin buhat kay Allah kapag ginawa ito. Maaari rin itong dasalin sa iba't-ibang kongregasyon. Ang bawat kongregasyon ay nararapat na binubuo ng pangkat ng mga taong iba kaysa ibang kongregasyon.

1. Ang bangkay ay ilalagay nang pahalang sa **Qiblah**, sa harap ng **Imam**. Ang **Imam** o ang nangunguna sa **Salah** ay tatayo sa gilid ng bangkay, sa tabi ng ulo at balikat, kung ang patay ay isang lalake, at sa tabi ng baywang, kung ang patay ay isang babae. Ang mga taong nagsisidalo naman ay nakatayong lahat sa likuran ng **Imam**. Ang **Salatul-Janazah** ay ginagawa nang nakatayo mula sa umpisa hanggang sa katapusan.

2. Bigkasin ang "**ALLAHU AKBAR**" habang itinataas ang mga kamay na nakabukas, at ipantay sa balikat o tainga, at kaagad na ilagay sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa.

3. Bigkasin ang **Suratul-Fatihah**.

4. Pagkatapos ng **Suratul-Fatihah**, muling bigkasin ang "**ALLAHU AKBAR**" habang itinataas ang mga kamay na nakabukas, at ipantay sa balikat o tainga at, kaagad na ilagay muli sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa.

5. Bigkasin nang tahimik ang sumusunod:

"ALLAHUMMA SALLI ALAA MUHAMMAD WA ALAA AALI MUHAMMAD KAMAA SALLAYTA ALAA IBRAAHEEMA WA ALAA AALI IBRAAHEEMA INNAKA HAMEEDUM MAJEED. WA BAARIK ALAA MUHAMMAD WA ALAA AALI MUHAMMAD KAMAA BAARAKTA ALAA IBRAAHEEMA WA ALAA AALI IBRAAHEEMA INNAKA HAMEEDUM MAJEED."

6. Pagkatapos nito, muling bigkasin ang "**ALLAHU AKBAR**" habang itinataas ang mga kamay na nakabukas, at ipantay sa balikat o tainga, at kaagad na ilagay muli sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa.

7. Bigkasin ang **Du'a** o panalanging ito:

"ALLAHUM MAGHFIR LIHAYYINAA WA MAYYITINA WA SHAAHIDINAA WA GHAA IBINAA WA SAGHEERINAA WA KABEERINNA WA DHAKARINAA WA UNTHAANAA.

ALLAHUM MA MAN AHYAYTAHU MINNAA FA AHYIHEE ALAL ISLAAM, WA MAN TAWAFFAYTAHU MINNAA FATAWAFFAHU 'ALAL EEMAAN.

ALLAHUM MA LAA TAH RIMNAA AJRAHU WA LAA TAFTINAA BA'DAH."

Ang kahulugan ay:

O Allah, patawarin Mo po ang mga nabubuhay pa sa amin at ang mga namatay na sa amin, ang mga naririto ngayon sa amin at ang mga wala ngayon sa amin, ang mga bata sa amin at ang mga matatanda sa amin, ang mga lalake sa amin at ang mga babae sa amin. O Allah, ang hinayaan Mo pang mabuhay sa amin ay pamuhayin Mo po siya sa Islam. Ang babawian Mo po sa amin ng buhay ay bawian Mo po ng buhay na isang mananampalataya.

O Allah, huwag Mo po kaming pagkaitan ng bahagi sa kanyang gantimpala at huwag Mo po kaming ilagay sa pagsubok o hirap matapos na siya ay yumao.


8. Pagkatapos ng **Du'a** o panalanging ito, muling bigkasin ang "**ALLAHU AKBAR**" habang itinataas ang mga kamay na nakabukas, at ipantay sa balikat o tainga, at kaagad na ilagay muli sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa.

9. Manatiling tahimik sa loob ng ilang segundo.

10. Ilingon ang mukha sa kanan habang binibigkas ang "**ASSALAMU ALAYKUM WARAH MATULLAH.**" (1x)

**** Dito Nagtatapos ang SALATUL-JANAZAH****

Paalaala: Palaging tandaan na kinakailangang palaging sundan ang **Imam** sa bawat ikikilos at sasabihin niya, at huwag siyang pangunahan sa ano mang gagawin o sasabihin niya.



المراجع

١. رسائل في الطهارة والصلاة
 ٢. من الأحكام الفقهية في الطهارة والصلاة والجنائز
 ٣. منهاج المسلم
 ٤. دليل الصلاة في الإسلام
 ٥. الطهارة
 ٦. كيف تدخل في الإسلام
- الشيخ: محمد بن صالح العثيمين
- الشيخ: محمد بن صالح العثيمين
- الشيخ: أبو بكر الجزائري
- محمد عبدالكريم شاقب
- د. جمال بدوي
- د. محمد بن سليمان الأشقر
- ترجمة: عبدالوارث سعيد

Ang Taharah at Ang Salah

الطهارة و الصلاة

MGA NILALAMAN NG AKLAT

محتوى الكتاب

- | | |
|--|----------------------------|
| • ANG KADALISAYAN | • الطهارة |
| • ANG NAJASAH | • النجاسة |
| • ANG WUDHU | • الوضوء |
| • ANG GHUSL | • الغسل |
| • ANG TAYAMMUM | • التيمم |
| • ANG <i>HAYD NIFAS</i> AT <i>ISTIHADHAH</i> | • الحيض والنفاس والاستحاضة |
| • ANG SUNAN AL-FITRAH | • سنن الفطرة |
| • ANG IBADAT | • العبادات |
| • ANG SHAHADATAYN | • الشهادتان |
| • BAKIT KAILANGAN MAGDASAL
PARA KAY ALLAH | • لماذا نصلي
الصلاة |
| • ANG SALAH | • اللباس في الصلاة |
| • ANG KASUOTAN SA PAGDARASAL | • الذكر بعد الصلاة |
| • ANG DHIKR PAGKATAPOS NG SALAH | • صلاة الجمعة |
| • ANG SALAH AL-JUM'AH | • صلاة المسافرين |
| • ANG SALAH NG MUSAFIR | • جمع الصلاة و قصرها |
| • ANG PAGSASAMA NG SALAH | • كيف يصلي المريض |
| • ANG SALAH NG MAY SAKIT | • صلاة الجنائز |
| • ANG SALAH AL-JANAZAH | |

الملكيت التعاونية للدعوة بالروضة

بعطائكم ... يستمر عطائونا

حساب: ٢٠٤١٠٨٠٠٠٠١٩٠٨٤ - مصرف الراجحي
حساب: ٩٩٩٢٠٠٠٠٠٠١٩٠٠٠٢ - بنك البلاد

